

Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Stock

Huling na-update noong Agosto 8, 2025. Pamalit sa lahat ng naunang bersiyon.

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit sa Mga Serbisyo ng Adobe Stock, Mga Stock Asset (tulad ng binigyang-kahulugan sa ibaba) at Output (tulad ng binigyang-kahulugan sa ibaba) at kasama ang mga ito sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa https://www.adobe.com/go/terms_ph_fil (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). Ang lahat ng karapatan at lisensyang ibinibigay sa iyo sa ilalim ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ng Adobe Stock ay napapailalim sa iyong pagsunod sa Mga Tuntunin. Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin.

1. Mga Kahulugan

1.1. Ang ibig sabihin ng "**Affiliate**" para sa isang entity, ay sinupamang entity na kumokontrol sa, kinokontrol ng, o kasamang kinokontrol ng entity na iyon. Para sa mga layunin ng kahulugang ito, ang ibig sabihin ng terminong "kontrol" ay ang direkta o hindi direktang kapangyarihan na pamahalaan ang mga gawain ng isang entity sa pamamagitan ng hindi bababa sa 50% ng mga share, mga karapatan sa pagboto, pakikilahok, o pang-ekonomiyang interes sa entity na iyon.

1.2. Ang ibig sabihin ng "**Audio Project**" ay isang partikular na project na ginawa mo kung saan pinagsasama ang Obrang Audio at mga image, video, narration, o iba pang materyales ayon sa pinapahintulutan sa Mga Tuntunin.

1.3. Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Gawang Audio**" ay mga audio track (kasama na ang lahat ng sound recording, komposisyon ng musika, at anupamang recording na naglalaman ng mga tunog o isang serye ng mga tunog, na nakapaloob dito) na itinalaga bilang mga Adobe Stock asset sa anumang Website, gayunpaman ay walang kasamang anumang audio ang "Gawang Audio" na posibleng nasa isang Gawa at walang kasamang Output.

1.4. Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Gawang Pang-editorial**" ay anumang Stock Asset na nakatalaga bilang "para lang sa pang-editorial na paggamit" sa (Mga) Website.

1.5. Ang ibig sabihin ng "**Mga Kwalipikadong Feature ng Firefly**" ay ang mga feature ng Firefly na nakalista sa Paglalarawan ng Produkto ng Firefly.

1.6. Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Enterprise VIP CC Customer**" ay mga customer ng Creative Cloud para sa enterprise na bumili ng isang Unmetered Plan para sa enterprise sa pamamagitan ng VIP.

1.7. Ang ibig sabihin ng "**Event ng Pag-export**" ay gumamit ang isang user ng isa o higit pang credit sa loob ng mga Serbisyo ng Adobe Stock para kumumpleto ng pagkilos na nakalista sa seksyon ng Adobe Stock sa Paglalarawan ng Produkto ng Firefly tungkol sa isang Output. Hindi kasama sa mga Event ng Pag-export ang pag-download ng Output (A) nang walang pagkonsumo ng isa o higit pang credit o (B) sa ilalim ng walang limitasyong karapatan sa pag-download tulad ng Pro Edition o Edition 4 o iba pang mga Unmetered Plan o iba pang mga Unlimited Plan. Tulad ng pagkakagamit sa talatang ito, hindi kasama sa "credit" ang anumang hiwalay na alokasyon ng "mga generative credit" na nagbibigay-daan sa isang user na magsumite ng mga input para bumuo ng mga Output.

1.8. Ang ibig sabihin ng "**Paglalarawan ng Produkto ng Firefly**" ay ang paglalarawang nasa helpx.adobe.com/ph_fil/legal/product-descriptions/adobe-firefly.html (o sa pamalit na URL), na puwedeng i-update ng Adobe paminsan-minsan para maglista ng mga karagdagang produkto, feature, at event ng pag-export.

1.9. Ang ibig sabihin ng **"Panahon ng Palugit"** ay ang 30 araw pagkatapos ng pagwawakas o pag-expire ng iyong Unmetered Plan o Unlimited Plan.

1.10. Ang ibig sabihin ng **"Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos"** ay Output na binuo bilang tugon sa isang Input kapag gumagamit ng mga Kwalipikadong Feature ng Firefly sa Serbisyo ng Adobe Stock at ibinibigay sa user pagkatapos ng Event ng Pag-export. Ang mga Stock Asset, kasama ang anumang Stock Asset na may label na "Binuo gamit ang AI" o anumang katulad na pagtatalaga, ay hindi Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos.

1.11. Ang ibig sabihin ng **"Stock Asset na Babayaran ng Danyos"** ay isang Stock Asset (hindi kasama ang mga Gawang Pang-editorial) na nilisensyahan at binayaran mo. Bilang paglilinaw, ang mga Stock Asset na kumukonsumo ng mga credit kapag may lisensya ay mga Stock Asset na Babayaran ng Danyos. Ang mga Stock Asset na nilisensyahan sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan ay mga Stock Asset na Babayaran ng Danyos kahit na may label na "libre." Kung hindi, ang mga libreng asset ay hindi Stock Asset na Babayaran ng Danyos.

1.12. Ang kahulugan ng **"Input"** ay ang kahulugang ibinigay sa Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Generative AI (gaya ng inilalarawan sa ibaba).

1.13. Ang kahulugan ng **"Output"** ay ang kahulugang ibinigay sa Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Generative AI (gaya ng inilalarawan sa ibaba).

1.14. Ang ibig sabihin ng **"(Mga) Stock Asset"** ay isa o parehong (Mga) Gawang Audio at (Mga) Gawa, at, bilang paglilinaw, ay walang kasamang Output.

1.15. Ang ibig sabihin ng **"(Mga) Customer ng Teams VIP CC"** ay mga customer ng Creative Cloud para sa mga team na bumili ng Unmetered Plan para sa mga team, kasama ang sa pamamagitan ng VIP.

1.16. Ang ibig sabihin ng **"Unlimited Plan"** ay mga Adobe Stock Plan na nagbibigay-daan sa namimiling customer na maglisensya ng walang limitasyong bilang ng mga indibidwal na Stock Asset file.

1.17. Ang ibig sabihin ng **"Unmetered Plan"** ay ang Mga Produkto at Serbisyo ng Adobe na (A) nagbibigay-daan sa bumibiling customer na maglisensya ng walang limitasyong bilang ng mga indibidwal na Stock Asset file na ginagawang available ng Adobe kasama ng naturang mga produkto at serbisyo at (B) tinutukoy bilang isang unmetered plan sa Paglalarawan ng Produkto sa Stock (na available sa https://helpx.adobe.com/ph_fil/legal/product-descriptions/stock.html o pamalit na URL). Inililista ng Paglalarawan ng Stock na Produkto ang mga uri ng Stock Asset na ginagawang available para sa paglilisensya sa ilalim ng mga Unmetered Plan. Halimbawa, ang "Edition 4" at "Pro Edition" plan ay mga Unmetered Plan.

1.18. Ang ibig sabihin ng **"(Mga) Website"** ay mga Serbisyo ng Adobe Stock na available sa www.stock.adobe.com/ph_fil (o sa pamalit na URL), o iba pang website o application ng Adobe na ginagawang available ang mga Stock Asset para sa pagpapalisensya.

1.19. Ang ibig sabihin ng **"(Mga) Obra"** ay ang mga litrato, illustration, image, vector, video, 3D asset, template asset, at iba pang pictorial o graphic na obra na itinalaga bilang mga Adobe Stock asset sa anumang Website, at bilang paglilinaw, hindi kasama rito ang anumang (mga) Obra o Output na Audio.

2. Pagmamay-ari

Maliban kung hayagan itong ipinagkaloob sa Mga Tuntunin, mananatili sa amin at sa aming mga tagapaglisensya ang lahat ng karapatan, titulo, at interes sa mga Stock Asset. Walang titulo o interes sa pagmamay-ari sa mga Stock Asset ang inililipat sa iyo bilang resulta ng Mga Tuntunin.

3. Mga Tuntunin ng Lisensya at Mga Partikular na Paghihigpit na Angkop sa mga Gawa

3.1. **Standard na Lisensya at Mga Partikular na Paghihigpit para sa Mga Gawa.** Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 3.1 na ito ay tinutukoy bilang "Standard na Lisensya".

(A) **Standard na Lisensya para sa Mga Gawa.** Sa ilalim ng Standard na Lisensya, binibigyan ka namin ng hindi eksklusibo, panghabambuhay, pandaigdigang, hindi naililipat, at hindi nasa-sublicense (maliban kung alinsunod sa seksyon 6 (Mga Karagdagang Karapatan)) na lisensya na gamitin, i-reproduce, i-archive, baguhin, at ipakita ang Obra, sa lahat ng media, para sa (1) mga pang-advertising, pang-marketing, pampromosyon at pangdekorasyong layunin; at (2) mga personal at hindi pangkomersyal na paggamit, para sa bawat isa sa (1) at (2) hanggang 500,000 beses gaya ng inilalarawan pa sa seksyon 3.1(B) (Mga Partikular na Paghihigpit ng Standard na Lisensya para sa mga Obra).

(B) **Mga Partikular na Paghihigpit ng Standard na Lisensya para sa Mga Gawa.** Bukod pa sa mga paghihigpit sa seksyon 7 (Mga Paghihigpit), ang mga sumusunod na paghihigpit ay angkop sa iyong paggamit ng anumang Gawa sa ilalim ng Standard na Lisensya:

(1) sa kabuuan, hindi mo puwedeng (a) idulot o payagang lumabas ang isang Gawa sa mahigit sa 500,000 naka-print na materyales (kasama na ang mga kopya ng mga nasabing materyales); o (b) isama ang isang Gawa sa isang live, naka-record, o digital na produksyon kung ang audience ay inaasahang lalampas sa 500,000 viewer, gayunpaman ay hindi angkop ang paghihigpit sa laki ng audience sa mga Gawang ipinapakita lang sa mga website, social media site, o mobile application;

(2) hindi mo puwedeng isama ang isang Gawa sa merchandise na nilalayong ibenta o ipamahagi, kasama ang mga on-demand na produkto, maliban kung (a) ang Gawa ay binago kung saan ang bagong gawa, na isinama sa nasabing merchandise, ay hindi katulad na katulad ng Gawa at puwedeng maging kwalipikado bilang orihinal na gawa ng may-akda; o (b) ang pangunahing halaga ng nasabing merchandise ay hindi nakasalalay sa Gawa mismo;

(3) hindi mo puwedeng gamitin, isama, o i-incorporate ang Gawa sa anumang electronic na template o application ng template ng disenyo (hal., isang web design o presentation template, o mga template para sa mga electronic na greeting card o business card); at

(4) hindi mo puwedeng gamitin, i-reproduce, ipamahagi, o ipakita ang Gawa sa isang press release na kinabibilangan ng pamamahagi ng stand-alone na image file.

3.2. Enhanced na Lisensya at Mga Partikular na Paghihigpit para sa Mga Gawa. Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 3.2 na ito ay tinutukoy bilang "Enhanced na Lisensya".

(A) **Enhanced na Lisensya para sa Mga Gawa.** Sa ilalim ng Enhanced na Lisensya, ibinibigay namin sa iyo ang mga parehong karapatan sa ilalim ng Standard na Lisensya, maliban sa wala ang limitasyon sa bilang ng mga reproduction o viewer na itinakda sa seksyon 3.1(B)(1) (Mga Partikular na Paghihigpit ng Standard na Lisensya para sa Mga Gawa).

(B) **Mga Partikular na Paghihigpit ng Enhanced na Lisensya para sa Mga Gawa.** Ang mga paghihigpit sa mga seksyon 3.1(B)(2) hanggang 3.1(B)(4) (Mga Partikular na Paghihigpit ng Standard na Lisensya para sa Mga Gawa), at sa seksyon 7 (Mga Paghihigpit) ay angkop sa iyong paggamit ng anumang Gawa sa ilalim ng Enhanced na Lisensya.

3.3. Extended na Lisensya at Mga Partikular na Paghihigpit para sa Mga Gawa. Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 3.3 na ito ay tinutukoy bilang "Extended na Lisensya".

(A) **Extended na Lisensya para sa Mga Gawa.** Sa ilalim ng Extended na Lisensya, ibinibigay namin sa iyo ang parehong mga karapatan sa ilalim ng Enhanced na Lisensya, at pati ang karapatang gamitin, i-reproduce, ipamahagi, at ipakita ang Gawa:

(1) para sa pagsasama sa mga merchandise at template file na nilalayong ibenta o ipamahagi, nang walang limitasyon sa bilang ng mga reproduction o view, basta't ang tatanggap ay pinapahintulutan lang na gamitin o i-access ang Gawa na isinama sa merchandise o template; at

(2) sa isang press release na kinabibilangan ng pamamahagi ng stand-alone na image file sa media, basta't ang Gawa ay na-publish lang kaugnay ng press release, at hindi ito gagamitin o ipapamahagi sa anupamang paraan.

Bilang paglilinaw, maaari mong gamitin ang Gawa kaugnay ng (a) mga electronic na template at mga application ng template ng disenyo; (b) merchandise tulad ng mga mug, t-shirt, poster, at greeting card; at (c) mga serbisyong "print on demand," na napapailalim sa mga paghihigpit sa paggamit ng mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan para sa mga serbisyo ng print on demand.

(B) Mga Paghihigpit ng Extended na Lisensya para sa Mga Gawa. Ang mga paghihigpit sa seksyon 7 (Mga Paghihigpit) ay angkop sa iyong paggamit ng anumang Gawa sa ilalim ng Extended na Lisensya. May ilang partikular na karagdagang limitasyon na angkop sa paggamit ng mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan, gaya ng inilalarawan sa seksyon 9.4(B) (Mga Limitasyon at Paghihigpit).

4. Mga Tuntunin ng Lisensya at Mga Partikular na Paghihigpit na Angkop sa Mga Gawang Audio. Kung may salungatan sa pagitan ng seksyon 4 na ito at ng anupamang seksyon ng Mga Tuntunin, ang seksyon 4 na ito ang may kontrol kaugnay lang ng mga Gawang Audio.

4.1. Standard na Lisensya ng Audio at Mga Partikular na Paghihigpit. Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 4.1 na ito ay tinutukoy bilang "Standard na Lisensya ng Audio".

(A) Standard na Lisensya ng Audio. Sa ilalim ng Standard na Lisensya ng Audio, binibigyan ka namin ng hindi eksklusibo, panghabambuhay, pandaigdigang, hindi naililipat (maliban kung alinsunod sa seksyon 6 (Mga Karagdagang Karapatan)), hindi nasa-sublicense (maliban sa 4.1(A)(3) sa ibaba) na lisensya na:

- (1) i-synchronize at kung hindi man ay isama ang Gawang Audio sa video, audio, at iba pang materyales, upang gumawa ng walang limitasyong bilang ng mga Audio Project;
- (2) iakma, i-edit, at baguhin ang Gawang Audio sa mga Audio Project (kasama ang pag-convert ng format ng file, pag-shift ng pitch, pag-compress ng oras, pag-cut, at pag-trim);
- (3) i-reproduce, kopyahin, ipadala, i-broadcast, ipakita, itanghal sa publiko, at kung hindi man ay ipamahagi ang Gawang Audio na kasama sa isang Audio Project (maliban sa tinukoy sa 4.2(A) (Extended na Lisensya ng Audio)); at
- (4) alinsunod sa lahat ng angkop na paghihigpit, gumamit ng mga Audio Project para sa anumang layunin, kasama ang pang-advertising, pang-marketing, pampromosyon, at pangkomersyal.

(B) Mga Partikular na Paghihigpit ng Standard na Lisensya ng Audio. Bukod pa sa mga paghihigpit sa seksyon 4.3 (Mga Paghihigpit sa Gawang Audio) at seksyon 7.1 (Mga Pangkalahatang Paghihigpit), hindi ka puwedeng gumamit ng Gawang Audio sa anumang Audio Project gaya ng tinukoy sa mga seksyon 4.2(A)(1)-(7) (Extended na Lisensya ng Audio) nang hindi muna kumukuha ng Extended na Lisensya ng Audio.

4.2. Extended na Lisensya ng Audio at Mga Paghihigpit. Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 4.2 na ito ay tinutukoy bilang "Extended na Lisensya ng Audio".

(A) Extended na Lisensya ng Audio. Sa ilalim ng Extended na Lisensya ng Audio, ibinibigay namin sa iyo ang mga parehong karapatan sa Standard na Lisensya ng Audio, bukod pa sa karapatang i-reproduce, kopyahin, ipadala, i-broadcast, ipakita, itanghal sa publiko, at kung hindi man ay ipamahagi ang mga Audio Project sa:

- (1) radyo;
- (2) telebisyon;
- (3) mga serbisyo sa streaming na video na may bayad ang pag-access;
- (4) mga serbisyo sa on-demand na video na may bayad ang pag-access;

(5) mga release sa sinehan;

(6) mga computer software application (kasama ang mga mobile application at video game); at

(7) mga pisikal na lokasyon ng point of sale (gaya ng mga shopping mall, point of sale system, display sa store, at video sa showroom).

(B) **Mga Paghihigpit ng Extended na Lisensya ng Audio.** Ang mga paghihigpit sa seksyon 4.3 (Mga Paghihigpit sa Gawang Audio) at seksyon 7.1 (Mga Pangkalahatang Paghihigpit) ay angkop sa anumang Gawang Audio sa ilalim ng Extended na Lisensya ng Audio.

4.3. Mga Paghihigpit sa Gawang Audio. Dagdag pa sa mga paghihigpit sa seksyon 7.1 (Mga Pangkalahatang Paghihigpit) at anumang paghihigpit na partikular sa isang uri ng lisensya, hindi mo dapat gawin ang mga sumusunod:

(A) gumamit ng anumang Gawang Audio sa paraang bumabago sa pangunahing katangian nito, gaya ng paggawa ng mga remix o mashup; gumawa ng anupamang pagbabago para sa layunin ng paggawa ng bagong musika; o kung hindi man ay baguhin ang Gawang Audio maliban sa hayagang pinapahintulutan sa seksyon 4.1(A) (Standard na Lisensya ng Audio);

(B) gamitin ang anumang Gawang Audio bilang theme song sa isang Audio Project na tinukoy sa mga seksyon 4.2(A)(1)-(7) (Extended na Lisensya ng Audio);

(C) isama ang anumang Gawang Audio sa anumang electronic na template o application ng template ng disenyo (hal., isang web design o presentation template, o mga template para sa mga electronic na greeting card o business card);

(D) mag-alok ng anumang Gawang Audio nang stand-alone o bilang isang experience na para lang sa pakikinig, gaya ng track o album; o kaya ay

(E) i-upload o gawing available ang anumang Gawang Audio na isinama lang sa isang still image o simpleng one-shot na video sa isang streaming platform (hal., paggawa ng playlist sa pamamagitan ng paggamit ng Gawang Audio kasama ng isang visual element, kung saan ang visual element ay kaunti lang o walang idinaragdag na halaga).

5. Comp na Lisensya para sa mga Stock Asset. Ang lisensyang inilalarawan sa seksyon 5 na ito ay tinutukoy bilang "Comp na Lisensya".

5.1. Dina-download ang Comp na Lisensya na bersyon ng isang Stock Asset bilang naka-watermark na Gawa o Gawang Audio na isang naka-compress na AAC file na may .m4a file extension, maliban na lang kung iba ang nakasaad sa Website.

5.2. Sa loob ng hanggang 90 araw mula sa petsa ng pag-download ng isang Stock Asset, puwede kang gumamit, mag-reproduce, magbago, mag-akma, o magpakita ng mga "comp" (ibig sabihin, composite, o preview) na bersyon ng Stock Asset na iyon para lang sa pag-preview kung ano ang posibleng maging hitsura o tunog ng isang Stock Asset sa produksyon o sa isang Audio Project. Bilang paglilinaw, sa ilalim ng Comp na Lisensya, hindi ka pinapahintulutang gumamit ng Stock Asset sa pinal na produksyon o Audio Project, o gawing available sa publiko ang isang Stock Asset sa anumang paraan.

5.3. Walang garantiya na ang anumang Stock Asset na ida-download mo sa ilalim ng Comp na Lisensya ay magiging available para sa lisensya pagkatapos niyon. Ang anumang paggamit ng Stock Asset sa ilalim ng Comp na Lisensya ay SA KASALUKUYAN NITONG KUNDISYON nang walang anumang representasyon, warranty, o pagbabayad-danyos.

6. Mga Karagdagang Karapatan. Alinsunod sa Mga Tuntunin at anumang angkop na paghihigpit, posibleng mayroon kang mga sumusunod na karagdagang karapatan:

(A) **Paggamit ng Employer.** Puwede kang kumuha ng lisensya sa isang Stock Asset na mapapakinabangan ng iyong employer ("**Mga Asset ng Employer**"), at sa ganitong sitwasyon:

- (1) isinasaad at pinapatunayan mo na mayroon kang ganap na legal na awtoridad na ipailalim ang iyong employer sa Mga Tuntuning ito;
- (2) ikaw lang ang responsable at mananagot para sa paggamit ng mga Asset ng Employer; at
- (3) dapat kang kumuha ng mga karagdagang lisensya para sa anumang Asset ng Employer na balak mong gamitin para sa iyong sarili.

(B) **Paggamit ng Empleyado at Contractor.** Puwede kang magbahagi ng mga Stock Asset sa iyong mga empleyado o subcontractor, basta't:

- (1) ang mga nasabing empleyado at subcontractor ay sumasang-ayon sa isang maipapatupad na nakasulat na kasunduan na sumunod sa mga paghihigpit sa Mga Tuntuning ito;
- (2) gagamitin lang ng mga nasabing empleyado at subcontractor ang Stock Asset sa ngalan mo; at
- (3) ikaw lang ang responsable at mananagot sa paggamit ng iyong empleyado o contractor sa Stock Asset.

(C) **Paggamit sa Social Media.** Maaari kang gumamit ng Stock Asset sa mga third-party na social media platform o website alinsunod sa angkop na third-party na kasunduan ng user, basta't ang paggawa niyon ay hindi lalampas sa saklaw ng lisensyang ipinagkaloob sa iyo sa ilalim nito.

(D) **Paggamit ng Kliyente.** Kapag ginagamit ang mga Stock Asset sa mga project ng kliyente mo, maaari kang bumili ng lisensya sa isang Stock Asset (hindi kasama ang isang Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan) sa ngalan ng iyong kliyente, at maaaring gamitin ng iyong kliyente ang asset alinsunod sa Mga Tuntuning ito. Sa ganoong sitwasyon, isinasaad at pinapatunayan mo na mayroon kang ganap na legal na awtoridad na ipailalim, at ipapailalim mo, ang iyong kliyente sa Mga Tuntuning ito. Kung hindi mo iyon gagawin, hindi puwedeng gamitin iyong kliyente ang Stock Asset. Puwede lang maging pagmamay-ari mo o ng iyong kliyente ang mga biniling karapatan. Kung bumili ka ng lisensya sa isang Stock Asset na ginagamit ng isang kliyente, dapat kang bumili ng mga karagdagang lisensya para sa anumang paggamit mo o ng mga karagdagang kliyente. Sa madaling salita, isa lang sa inyo (at hindi kayong dalawa) ang puwedeng gumamit ulit ng isang Stock Asset sa maraming project. Hindi ka dapat (a) muling magbenta ng mga lisensya sa mga Stock Asset o (b) gumamit ng mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan sa mga project ng kliyente o magpahintulot sa iyong mga kliyente na gumamit ng naturang mga asset.

7. Mga Paghihigpit.

7.1. Mga Pangkalahatang Paghihigpit. Hindi mo dapat gawin ang sumusunod:

(A) gamitin ang mga Stock Asset sa anumang paraan na magbibigay-daan sa isang third party na gamitin, i-download, i-extract, o i-access ang mga Stock Asset (1) bilang stand-alone na file; o (2) sa paraang lumalampas sa saklaw ng lisensya sa mga Stock Asset;

(B) gamitin ang mga Stock Asset sa materyal na lumalabag sa anumang karapatan ng third party, o kung hindi man ay gumawa ng anumang aksyon kaugnay ng mga Stock Asset na lumalabag sa intelektwal na ari-arian o iba pang karapatan ng sinumang tao o entity, tulad ng mga karapatang moral ng gumawa ng mga Stock Asset o sa mga karapatan ng sinumang tao, o sinumang tao na may ari-arian, na lumalabas o nauugnay sa mga Stock Asset;

(C) magparehistro, o mag-apply na magparehistro, ng trademark, design mark, service mark, sound mark, o tradename, na gumagamit ng anumang Stock Asset (sa kabuuan o bahagi nito); o maghabol ng mga karapatan sa pagmamay-ari sa pagtatangkang pigilan ang sinumang third party na gamitin ang isang Stock Asset;

(D) gamitin ang mga Stock Asset sa paraang pornograpiko o mapanirang-puri, o lumalabag sa anumang angkop na batas, panuntunan, o regulasyon;

(E) gamitin ang mga Stock Asset sa isang paraan, o nang may kaugnayan sa isang paksa, na puwedeng ituring ng isang makatwirang tao na hindi nakakapuri, imoral, nakakasakit, malaswa, o kontrobersyal, nang isinasaalang-alang ang likas na katangian ng mga Stock Asset, na may mga halimbawang posibleng kinabibilangan ng mga ad para sa tabako; mga adult entertainment club o mga katulad na lugar o serbisyo; ipinahihiwatig o hayagang pag-eendorso ng mga partidong pampulitika o iba pang kilusang batay sa opinyon; o pagpapahiwatig ng kapansanan sa pag-iisip o katawan;

(F) gamitin ang mga Stock Asset nang salungat sa anumang karagdagang paghihigpit na ipinapakita sa Website sa panel ng mga detalye ng mga nasabing Stock Asset;

(G) alisin, itago, o baguhin ang anumang abiso sa pagmamay-ari na nauugnay sa mga Stock Asset, o magbigay ng anumang hayagan o ipinahihiwatig na maling representasyon na ikaw o ang isa pang third party ang gumawa o may hawak ng mga Karapatan sa Intelektwal na Ari-arian sa anumang Stock Asset;

(H) gamitin (o payagan ang mga third party na gamitin) ang mga Serbisyo ng Adobe Stock (kasama ang Stock API o anumang content, data, output, o iba pang impormasyong natanggap o nakuha mula sa mga Serbisyo ng Adobe Stock, gaya ng mga Stock Asset): (1) para direkta o hindi direktang gumawa, magsanay, sumubok, o kung hindi man ay magpahusay ng anumang machine learning algorithm o artificial intelligence system, kasama ang anumang arkitektura, modelo, o weight; o (2) gamit ang mga teknolohiyang idinisenyo o inilaan para sa pagkilala sa mga tunay na tao;

(I) i-access ang mga Stock Asset na na-filter out ng ligtas na paghahanap maliban kung ikaw ay lampas 18 taong gulang at nakatira sa isang bansa kung saan legal ang pang-adult na content; o kaya ay

(J) gamitin o samantalahin ang mga Stock Asset sa anumang paraan maliban sa hayagang inilalaan sa Mga Tuntuning ito.

7.2. Mga Paghihigpit sa Mga Gawang Pang-editorial. Para sa (mga) Gawang Pang-editorial:

(A) maaari mo lang gamitin ang mga Gawang Pang-editorial (1) sa paraang nagpapanatili ng pang-editorial na konteksto at kahulugan ng mga Gawang Pang-editorial; (2) kaugnay ng mga pangyayari o paksa na karapat-dapat ibalita o nasa pangkalahatang interes ng publiko; at (3) alinsunod sa anumang karagdagang paghihigpit ng third party na tagapaglisensya na ipinapakita sa Website sa panel ng mga detalye ng mga nasabing Gawang Pang-editorial;

(B) hindi mo dapat (1) gamitin ang mga Gawang Pang-editorial sa anumang mapanlinlang o mapanlokong paraan; (2) gamitin ang mga Gawang Pang-editorial para sa anumang pangkomersyal na layunin (hal., pampromosyon, pang-endorso, pang-advertise, o pang-merchandise), kasama ang paggamit kaugnay ng anumang non-fungible token (NFT) o katulad na teknolohiya para sa pagbebenta ng mga digital na asset; o kaya ay (3) baguhin ang Mga Gawang Pang-editorial, maliban sa maliliit na pag-adjust para sa teknikal na kalidad o bahagyang pag-crop o pag-resize; at

(C) upang magamit ang mga Gawang Pang-editorial sa isang paraang ipinagbabawal ng seksyong ito, dapat ka munang (1) kumuha ng lisensya nang direkta mula sa may-ari ng copyright ng mga Gawang Pang-editorial; at (2) kumuha ng mga karagdagang pahintulot kung kinakailangan.

8. Attribution

8.1. Para sa mga Gawang Pang-editorial o kung ginamit ang isang Stock Asset sa pang-editorial na paraan, dapat maglagay ng credit line sa paraang makatwiran sa angkop na paggamit, sa ganitong format: "[Pangalan ng Contributor]/stock.adobe.com" o gaya ng itinalaga sa Website;

8.2. Kung ginagamit ang Stock Asset sa isang audiovisual na produksyon, dapat kang gumamit ng mga komersyal na makatwirang pagsisikap para magsama ng attribution para sa Adobe Stock alinsunod sa mga pamantayan ng industriya, at sa sumusunod na format kung posible: (1) Para sa mga Gawa: [Pangalan ng Contributor]/stock.adobe.com; at (2) Para sa mga Gawang Audio: "[Pamagat ng Kanta]" na tinugtug o kinanta ng/ni [Pangalan ng Artist]/stock.adobe.com"; at

8.3. Kung wala pang ibinigay na attribution at ginagamit ang isang Stock Asset sa isang konteksto kung saan nakakatanggap ng attribution ang anupamang stock content, dapat ka ring magsama ng kaparehong-kaparehong attribution para sa Adobe Stock.

9. Mga Espesyal na Tuntunin para sa Mga Subscription User, Mga Business User, Mga Unmetered Plan, Mga Unlimited Plan, at Mga Feature ng Generative Artificial Intelligence.

9.1. **Subscription User Account.** Hindi mo puwedeng ilipat ang iyong subscription o payagan ang iba na gamitin ang iyong subscription, kahit na sila ay iyong mga affiliate, katrabaho, contractor, o empleyado. Gayunpaman, puwede kang maglisensya ng mga Stock Asset nang maraming beses sa pamamagitan ng subscription.

9.2. Mga Business User.

(A) Ang anumang lisensya o iba pang Entitlement na ibinigay ng Adobe sa isang Business User ay ibinibigay sa Negosyo. Ang paggamit ng Business User ng anumang Stock Asset o credit ay pinapamahalaan ng kasunduan ng Negosyo sa amin. Maliban sa inilalarawan sa seksyon 9.2(B), ang isang Stock Asset na lisensyado ng isang Negosyo ay puwede kang gamitin ng mga Business User mula sa isang legal na entity at hindi ito puwedeng gamitin ng mga subsidiary o iba pang affiliate. Bilang paglilinaw, ang nabanggit na paghihigpit ay nalalapat sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan at mga credit sa Adobe Stock na binili sa pamamagitan ng VIP teams program ng Adobe.

(B) Bilang pagbubukod sa Seksyon 9.2(A), kung isa kang customer ng VIP enterprise (hindi isang customer ng VIP teams), puwede mong payagan ang iyong mga Affiliate na gamitin ang ilan o lahat ng iyong Entitlement sa Adobe Stock sa VIP enterprise (kasama ang mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan at iba pang mga Stock Asset, mga credit, at quota sa subscription). Responsable at mananatag ka sa anumang paglabag sa Mga Tuntuning ito o maling paggamit ng mga Serbisyo ng Adobe Stock at mga Stock Asset ng iyong mga Affiliate. Puwedeng hilingin sa iyo ng Adobe na abisuhan ang Adobe tungkol sa pagkakakilanlan ng iyong mga Affiliate na gumagamit ng mga Serbisyo ng Adobe Stock o mga Stock Asset.

9.3. **Mga Adobe Stock Credit sa VIP.** Kung bumili ka ng mga Adobe Stock credit sa pamamagitan ng VIP program ng Adobe, (A) ang mga pagbili ng credit ay hindi nare-refund; at (B) ang mga hindi nagamit na credit ay awtomatikong mag-e-expire nang 12 buwan mula sa petsa ng pagbili.

9.4. **Mga Espesyal na Tuntunin para sa Mga Unmetered Plan o Unlimited Plan.** Ang mga tuntunin ng seksyong 9.4 na ito ay angkop lang sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan. Kung may salungatan sa pagitan ng seksyon 9.4 na ito at ng anupamang seksyon ng Mga Tuntunin, ang seksyon 9.4 na ito ang may kontrol lang hinggil sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng Mga Unmetered Plan o Unlimited Plan.

(A) **Lisensya sa ilalim ng Mga Unmetered Plan o Unlimited Plan.** Ang mga Stock Asset na lisensyado sa ilalim ng isang Unlimited Plan ay lisensyado sa mga indibidwal sa ilalim ng Enhanced na Lisensya. Ang mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan ay lisensyado sa (1) mga Teams VIP CC Customer sa ilalim ng isang Enhanced na Lisensya; at (2) mga Enterprise VIP CC Customer sa ilalim ng isang Extended na Lisensya. Sa alinmang pangyayari, ang iyong lisensya sa naturang mga asset ay napapailalim sa mahahalagang limitasyon at paghihigpit na nakasaad sa ibaba.

(B) **Mga Limitasyon at Paghihigpit.**

(1) **Limitasyon sa Wastong Paggamit.** Ang mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan ay maaari lang gamitin para sa iyong mga bona fide na expressive project. Maaari mong lisensyahan ang naturang mga asset kung kinakailangan lang habang gumagawa ng naturang mga project.

(2) **Bawal ang Project ng Kliyente.** Hindi ka gagamit ng mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan sa trabaho para sa iyong mga kliyente o hindi mo papahintulutan ang iyong mga kliyente na gumamit ng naturang mga asset.

(3) **Bawal ang Pag-stockpile.** Hindi ka maglilisensya ng mga Stock Asset sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan nang mas marami kaysa sa kinakailangan para sa iyong agarang paggamit sa mga project. Ang paglilisensya ng naturang mga asset nang mas marami kaysa sa makatwirang kailangan para sa agarang paggamit ay paminsan-minsang tinutukoy bilang "pag-stockpile" at ipinagbabawal ito. Posibleng matukoy ng Adobe, sa sarili nitong pagpapasya, na ang iyong paggamit ay itinuturing na hindi pinapahintulatang pag-stockpile.

(4) **Bawal Gumamit ng Machine Learning.** Hindi mo gagamitin ang iyong access sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan nang labag sa mga paghihigpit laban sa paggamit para sa mga layunin ng machine learning na inilalarawan sa Seksyon 7.1(H).

(5) **Bawal ang Print On Demand.** Hindi mo gagamitin ang iyong access sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan bilang pansuporta sa isang "print on demand" na business model.

(6) **API.** Mga indibidwal lang na tinalagahan ng seat sa isang Unmetered Plan ang puwedeng mag-access ng isang Unmetered Plan sa pamamagitan ng Adobe Stock API.

(C) Pagwawakas, Pagsususpende, at Pag-throttle.

(1) Hinggil sa Mga Unmetered Plan, at nang hindi nalilimitahan ang iba pa naming available na remedyo ng Adobe, inilalaan ng Adobe ang karapatang wakasan o suspindihin ang access sa mga Serbisyo ng Adobe Stock at mga Adobe Stock Asset anumang oras nang walang abiso at walang refund para sa anumang nabayaran nang bayarin kung sa sarili nitong pagpapasya ay lumabag ka sa anumang paghihigpit, limitasyon, o iba pang probisyon ng mga Tuntuning ito, o kumilos ka sa paraang malinaw na nagpapakita na wala kang balak na sundin, o hindi ka makakasunod sa Mga Tuntuning ito. Pagkatapos masuspende o mawakasan ang iyong Unmetered Plan, maaari kang mawalan ng access sa iyong mga lisensyadong Stock Asset.

(2) Hinggil sa Mga Unmetered Plan, at nang hindi nalilimitahan ang iba pang mga available na remedyo ng Adobe, inilalaan ng Adobe ang karapatang wakasan, suspendehin, o kung hindi naman ay i-throttle ang access (hal., pabagalin ang pag-download) sa mga Serbisyo ng Adobe Stock at mga Adobe Stock Asset anumang oras nang walang abiso at walang refund para sa anumang nabayaran nang bayarin kung sa sarili nitong pagpapasya ay lumabag ka sa anumang paghihigpit, limitasyon, o iba pang probisyon ng mga Tuntuning ito, o kumilos ka sa paraang malinaw na nagpapakita na wala kang balak na sundin, o hindi ka makakasunod sa Mga Tuntuning ito. Ang mga akto tulad ng pinaghihinalaang pag-stockpile, pandaraya, hindi awtorisadong pagbabahagi ng account, o iba pang mapang-abusong aktibidad ay maaaring magresulta sa pag-throttle ng access para sa mga subscriber ng Unlimited Plan. Para sa impormasyon sa Paggamit ng Unlimited Plan, pakitingnan ang helpx.adobe.com/ph_fil/stock/help/unlimited-plan-usage-policy.html (o ang pamalit na URL), na maaaring i-update paminsan-minsan. Pagkatapos masuspende o mawakasan ang iyong Unlimited Plan, maaari kang mawalan ng access sa iyong mga lisensyadong Stock Asset.

(D) Termino ng Lisensya. Ang lisensya sa mga Stock Asset na nililisensya sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan na itinakda sa seksyon 9.4 na ito ay walang hanggan para sa mga partikular na paggamit ng

naturang mga asset na ginawa mo sa panahon ng iyong Unmetered Plan o Unlimited Plan, kasama ang anumang extension o pag-renew, pati na rin ang Panahon ng Palugit.

(E) **Epekto ng Pagwawakas o Pag-expire ng Unmetered Plan o Unlimited Plan.** Magkakaroon ka ng Panahon ng Palugit para gamitin ang anumang Stock Asset na na-download at binayaran sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan bago magwakas o mag-expire ang iyong Unmetered Plan o Unlimited Plan, at ang anumang katulad na asset na ginamit sa isang project bago ang katapusan ng Panahon ng Palugit ay mananatiling napapailalim sa Mga Tuntunin. Hindi ituturing na lisensyado ang anumang naturang asset na na-download at binayaran, pero hindi ginamit bago ang katapusan ng Panahon ng Palugit. Bilang paglilinaw, hindi ka maaaring mag-download ng mga asset sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan sa Panahon ng Palugit. Maliban sa Panahon ng Palugit, hindi ka maaaring gumamit ng mga asset na nilisensyahan sa ilalim ng isang Unmetered Plan o Unlimited Plan sa unang pagkakataon, o sa bagong konteksto (gaya ng sa bago o ibang merchandise), pagkatapos ng pagwawakas o pag-expire ng iyong Unmetered Plan o Unlimited Plan. Bilang halimbawa, kung, bago ang nasabing pagwawakas o pag-expire, nag-print ka ng pampromosyong brochure na may naturang asset, maaari mong ipagpatuloy ang paggawa ng brochure na iyon nang walang hanggan, pero kapag natapos na ang Panahon ng Palugit, hindi mo na maaaring gamitin ang asset na iyon sa ibang brochure, project, o iba pang end use.

9.5. Adobe Stock API. Ang pag-access at paggamit sa Adobe Stock API ay pinapamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Developer at ng Mga Tuntuning ito. Hindi mo gagamitin ang iyong access sa Adobe Stock API nang labag sa mga paghihigpit laban sa paggamit para sa mga layunin ng machine learning na inilalarawan sa Seksyon 7.1(H).

9.6. Generative AI. Ang Mga Alituntunin para sa User ng Adobe Generative AI na matatagpuan sa https://www.adobe.com/ph_fil/go/adobe-gen-ai-user-guidelines_ph_fil ("**Mga Alituntunin ng Generative AI**") at ang Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Adobe Generative AI na matatagpuan sa https://www.adobe.com/go/adobe-gen-ai-addl-terms_ph_fil ("**Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Generative AI**") ang mangangasiwa sa iyong paggamit ng mga feature ng generative AI sa Mga Serbisyo ng Adobe Stock.

10. Ang Aming Mga Obligasyon sa Pagbabayad-danyos.

10.1. Ang Aming Tungkulin na Magbayad-danyos. Basta't ang isang Stock Asset na Babayaran ng Danyos o isang Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay ginagamit alinsunod sa Mga Tuntunin, at alinsunod sa seksyon 10.2 (Mga Kundisyon sa Pagbabayad-danyos), ipagtatanggol namin ang anumang habol, aksyon, o legal na proseso ng third party na ginawa laban sa isang tao o entity sa panahon ng Mga Tuntunin na nagsasaad na ang paggamit mo o ng iyong Affiliate ng Stock Asset na Babayaran ng Danyos o Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay direktang lumalabag sa copyright, trademark, mga karapatan sa publisidad, o mga karapatan sa privacy ng third party ("**Habol sa Paglabag**"). Babayaran namin ang mga pinsala, pagkalugi, halaga, gastos, o sagutin na direktang maiuugnay sa isang Habol sa Paglabag at sa wakas ay iginawad ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon o napagkasunduan sa isang nakasulat na kasunduan sa pag-aareglo na nilagdaan namin.

10.2. Mga Kundisyon sa Pagbabayad-danyos. Hindi kami magkakaroon ng anumang sagutin para sa anumang Habol sa Paglabag:

(A) na nagmumula sa: (1) anumang pagbabago ng isang Stock Asset o Output, kasama ang sa anumang Produkto at Serbisyo ng Adobe; (2) anumang kumbinasyon ng isang Stock Asset o Output at anumang materyales, content, o impormasyon; (3) anumang paggamit ng Stock Asset o Output na lumalabag sa Mga Tuntuning ito; (4) anumang paggamit ng Stock Asset o Output pagkatapos ka naming atasan na ihinto ang paggamit nito; (5) anumang Output na nakabatay sa isang hindi text na Input, kung saan ang Input kung mag-isa ay nagdulot sana ng Habol sa Paglabag; (6) anumang paggamit sa ilalim ng Comp na Lisensya; (7) konteksto kung saan ginagamit ang Stock Asset o Output; o kaya ay (8) anumang bagay na hindi audiovisual na content na

ipinapakita o pine-play ng Kwalipikadong Feature ng Firefly, halimbawa ay anumang teknikal na metadata na maaaring gawin ng Kwalipikadong Feature ng Firefly gaya ng metadata ng file at mga parameter ng tugon sa query;

o kaya,

(B) kung hindi mo magagawang: (1) abisuhan kami kaagad sa pamamagitan ng pagsulat tungkol sa Habol sa Paglabag pagkaalam o pagkatanggap ng abiso tungkol dito, hanggang sa kung saan kami ay may pagkiling sa pagpalyang ito; (2) bigyan kami ng makatwirang tulong gaya ng hinihiling para sa pagtatanggol o pag-aareglo ng Habol sa Paglabag; (3) bigyan kami ng eksklusibong karapatang kontrolin, at ng awtoridad na ayusin, ang Habol sa Paglabag; o kaya ay (4) pigilang gumawa ng mga pag-amin tungkol sa Habol sa Paglabag nang wala ang aming paunang nakasulat na pahintulot.

10.3. Limitasyon ng Pananagutan. Sa kabila ng anumang salungat dito na nilalaman ng Mga Tuntunin o ng anumang ibang kasunduan sa pagitan nating dalawa, ang sumusunod ay ang mga limitasyon sa pananagutan ng Adobe nang walang pagsasaalang-alang sa bilang ng beses na na-download o nilisensya ang mga Stock Asset na Babayaran ng Danyos o mga Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos.

(A) Ang aming kabuuang maximum na pinagsama-samang pananagutan hinggil sa anumang Stock Asset na Babayaran ng Danyos ay hindi kailanman lalampas sa US\$10,000 kada asset.

(B) Ang aming kabuuang maximum na pinagsama-samang pananagutan hinggil sa anumang Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos ay hindi kailanman lalampas sa US\$10,000 kada (i) Output ng Firefly na Babayaran ng Danyos o (ii) Habol sa Paglabag (o hanay ng mga magkakaugnay na Habol sa Paglabag).

Sa kabila ng anumang naaangkop na batas ng limitasyon, ang anumang pagkilos o pamamaraan sa paglutas ng hindi pagkakaunawaan ay dapat simulan sa loob ng dalawang taon mula sa pagkilos, kaganapan, o pangyayari na nagdulot ng habol.

10.4. Nag-iisa at Eksklusibong Remedyo. Isinasaad ng nabanggit ang aming buong sagutin at obligasyon, at ang nag-iisa at eksklusibong remedyo mo, kaugnay ng anumang Stock Asset, Output o Habol sa Paglabag.

11. Ang Iyong Mga Obligasyon sa Pagbabayad-danyos. Nang hindi nililimitahan ang mga obligasyon sa Mga Pangkalahatang Tuntunin, magbabayad-danyos ka sa amin at sa aming mga subsidiary, affiliate, officer, ahente, empleyado, partner, at tagapaglisensya laban sa anumang habol, demanda, pagkawala, o pinsala, kasama ang mga makatwirang bayad sa abogado, na magmumula sa o nauugnay sa iyong paggamit ng mga Stock Asset o Output (maliban kung binabayaran ng danyos sa ilalim ng seksyon 10 (Ang Aming Mga Obligasyon sa Pagbabayad-danyos)) o sa iyong paglabag sa Mga Tuntunin.

12. Mga Disclaimer. Hindi kami responsable sa, at hayagan naming itinatanggi ang anumang sagutin, para sa:

(A) anumang paggamit ng mga Comp na Lisensya;

(B) katumpakan ng anumang Stock Asset, kasama ang anumang nauugnay na paglalarawan, kategorya, caption, pamagat, metadata, o keyword na kasama sa anumang Stock Asset; at

(C) feedback, materyales, o mga sagot sa mga tanong na ibinigay namin o ng aming mga kinatawan sa iyo, tungkol man sa Mga Tuntuning ito, sa iyong paggamit o iminumungkahing paggamit sa isang Stock Asset o Output, o kung hindi man, at lahat ng ito ay ibinibigay bilang kagandahang-loob lang at hindi itinuturing na legal na payo.

13. Reserbasyon.

13.1. Kung mayroon kang aktwal na kaalaman, o kung makatwiran kang naniniwala, na ang isang Stock Asset o Output ay posibleng napapailalim sa habol ng third party, dapat mong abisuhan kaagad ang Adobe sa sulat. Kung makatwiran kang naniniwala ang Adobe na ang isang Stock Asset ay posibleng napapailalim sa habol ng third

party, puwede kang atasan ng Adobe na itigil ang lahat ng paggamit, pag-reproduce, pagbabago, pagpapakita, pagganap, pamamahagi, at pagmamay-ari ng nasabing Stock Asset, kung saan kailangan mong (1) agarang sumunod sa mga nasabing tagubilin; at (2) siguraduhin na ang iyong mga kliyente, distributor, empleyado, at employer, ayon sa naaangkop, ay itigil din sa paggamit sa Stock Asset.

13.2. Anumang oras ay puwede naming (1) ihinto ang paglilisensya ng anumang Stock Asset; at (2) tanggihan ang pag-download ng anumang Stock Asset.

14. Epekto ng Pagwawakas.

14.1. Kung matatapos ang iyong subscription, o sa pagtatapos ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito:

(A) isusuko mo ang lahat ng karapatan, titulo, at interes sa lahat ng hindi nagamit na credit o hindi nagamit na karaniwang asset mula sa isang subscription plan, ayon sa naaangkop;

(B) maliban sa itinakda sa seksyon 9.4(E) (Epekto ng Pagwawakas ng mga Unmetered Plan o Unlimited Plan), ang anumang walang hanggang lisensya na ipinagkaloob sa mga Stock Asset ay mananatili at maaari mong patuloy na gamitin ang mga lisensyadong Stock Asset na iyon;

(C) dapat mong i-download ang anumang Stock Asset na nilisensyahan mo, at kung available ay i-download ulit ang anumang Output na naka-store sa history ng lisensya, dahil posibleng hindi maging available ang mga nasabing Stock Asset at Output pagkatapos magwakas o mag-expire; at

(D) dapat mong tandaan ang anumang code ng pagpapatunay ng lisensya na ibinigay sa lisensya ng isang Gawang Audio, dahil ang mga nasabing code ng pagpapatunay ng lisensya ay posibleng hindi na available pagkatapos ng pagwawakas o pag-expire.

14.2. Kung wawakasan namin ang karapatan mong gumamit ng anumang Stock Asset dahil sa iyong paglabag sa Mga Tuntunin, dapat mong ihinto ang lahat ng paggamit, pag-reproduce, pagbabago, pagpapakita, pagganap, pamamahagi, at pagmamay-ari ng anumang katulad na Stock Asset.

15. Lunas na Mapagpigil. Kung sakali na ang hindi awtorisadong pag-access o paggamit mo o ng iba sa mga Stock Asset o Output ay labag sa Mga Tuntuning ito, sumasang-ayon ka na may karapatan kaming mag-apply para sa mga mapagpigil na remedyo (o isang katumbas na uri ng agarang legal na lunas) sa anumang hurisdiksyon, nang hindi nagbibigay ng abiso o pagkakataong magbigay-lunas.